# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 91*

*Paano Mabuhay upang Panatilihin ang Bukas sa ilalim ng Pagpipigil*

***"24 Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa: o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan. 25 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung ano baga ang inyong kakanin, o kung ano ang inyong iinumin; kahit ang sa inyong katawan, kung ano ang inyong daramtin. Hindi baga mahigit ang buhay kay sa pagkain, at ang katawan kay sa pananamit? 26 Masdan ninyo ang mga ibon sa langit, na hindi sila nangaghahasik, ni nagsisigapas, ni nangagtitipon man sa mga bangan; at sila'y pinakakain ng inyong Ama sa kalangitan. Hindi baga lalong higit ang halaga ninyo kay sa kanila? 27 At alin sa inyo ang sa pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kaniyang buhay? 28 At tungkol sa pananamit, bakit kayo nangababalisa? Wariin ninyo ang mga lirio sa parang, kung paanong nagsisilaki; hindi nangagpapagal, ni nangagsusulid man:29 Gayon ma'y sinasabi ko sa inyo, na kahit si Salomon man sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nakapaggayak na gaya ng isa sa mga ito. 30 Nguni't kung pinararamtan ng Dios ng ganito ang damo sa parang, na ngayon ay buhay, at sa kinabukasa'y iginagatong sa kalan, hindi baga lalonglalo na kayong pararamtan niya, Oh kayong mga kakaunti ang pananampalataya?31 Kaya huwag kayong mangabalisa, na mangagsabi, Ano ang aming kakanin? o, Ano ang aming iinumin? o, Ano ang aming daramtin? 32 Sapagka't ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang pinaghahanap ng mga Gentil; yamang talastas ng inyong Ama sa kalangitan na kinakailangan ninyo ang lahat ng mga bagay na ito. 33 Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo. 34 Kaya't huwag ninyong ikabalisa ang sa araw ng bukas: sapagka't ang araw ng bukas ay mababalisa sa kaniyang sarili. Sukat na sa kaarawan ang kaniyang kasamaan."(Mateo 6:24-34)***

***"24 Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa: o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan."(Mateo 6:24 KJV)*** Hindi natin kayang maglingkod sa dalawa sa Dios at sa pera, kung gayo'y kailangan nating magpasya na sundin ang isa at pabayaan ang iba. Tulad ng pagpapasya natin na sundin ang Dios, kung gayon kailangan nating magpasya na iwan ang pagibig sa salapi, ang kasakiman, ang walang katapatan, ang pagibig sa materyal na mga bagay, at ang pagnanasa ng mga mata, upang para sa sa atin ay sumunod sa Dios.

***"25 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung ano baga ang inyong kakanin, o kung ano ang inyong iinumin; kahit ang sa inyong katawan, kung ano ang inyong daramtin. Hindi baga mahigit ang buhay kay sa pagkain, at ang katawan kay sa pananamit?" (Mateo 6:25 KJV) **** Nang sinabi Niya ***"Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay,*** ibig sabihin ni Jesus na ang isa na nagbigay sa iyo ng buhay ay siya ring magbibigay sa iyo. Ngunit hindi labag si Cristo na magtrabaho at kumita at magpagal upang alalayan ang ating pamumuhay. * Si Cristo ay hindi labag sa pagbudget at pagpaplano kung paano ilaan an gating salapi, ito ang tamang saloobin. * Ngunit Siya ay labag na ikaw ay nababalisa at lumampas at gawin ang mga kakaibang mga bagay upang tipunin ang maraming salapi upang ilaan para sa iyong pang araw-araw na pamumuhay. Mabuti na magkaroon ng trabaho at magbudget sa iyong kita sa paraang inilarawan una upang ilaan sa iyong sarili, upang bayaran ang iyong utang, upang pasiyahin ang iyong buhay, upang pasiyahin ang iyong pamilya, upang ibigay sa Dios, upang tulungan ang iba, at upang mag ipon. Ngunit ang Dios ay labag na ikaw ay nagtatrabaho ng labis upang mag ipon ng marami. Ang ilan ay nagtatrabaho nang pansamantala upang idagdag sa kanilang sahod at kita. Ang ilan ay lalayo sa Dios upang hindi ibigay ang nararapat sa Dios dahil iniisip na sila'y walang sapat kung ibibigay nila sa Dios. Ang ilan ay ginagamit ang kanilang salapi na magnegosyo upang idagdag sa kanilang kita at ilagay ang kanilang pananalapi sa panganib dahil sa mga negosyong ito. Lalabas ang gayong pag uugali at pagkilos dahil sa kawalan ng pananampalataya at walang paniniwala at ito'y nagdadala ng walang parangal sa Dios. Ang ilan ay dahil sa kamunduhan, at ang pagnanasa ng mga mata sila'y yayaon at ilalagay ang kanilang salapi sa mga bahay at lupain iniisip na makakagawa sila ng maraming pera ngunit kalaunan dahil hindi plano ng Dios sila'y magdudusa ng pagkawala.

***"Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung ano baga ang inyong kakanin, o kung ano ang inyong iinumin; kahit ang sa inyong katawan, kung ano ang inyong daramtin.*** Si Cristo ang nagbigay sa atin ng buhay ay magbibigay din sa atin. Ang kailangan natin sa buhay ay ang pagkain at mga inumin upang panatilihin ang ating mga katawan, at ang damit upang takpan ang ating katawan, at ang lahat ng mga kinakailangang mga bagay, at kung mayroon tayo ng ganitong mga bagay kailangan nating makuntento at masiyahan sa ganon.

***"Hindi baga mahigit ang buhay kay sa pagkain, at ang katawan kay sa pananamit?"*** Hindi lamang ibinigay sa atin ng Dios ang pagkain at ang mga inumin at damit kundi ibinigay Niya din sa atin ang hininga ng buhay, kaya gaano pa kaya na ibibigay Niya sa atin ang iba pang maliliit na bagay na iyon bilang pagkain, inumin at

damit upang mapanatili ang ating buhay at katawan. Binigyan tayo ng Dios ng buhay, na isang dakilang bagay, kung gayon paano pa ang mas kaunting mga bagay na kailangan natin sa buhay, at tulad ng sinabi ni Pablo, ***"32 Siya, na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad ang lahat ng mga bagay?" (Roma 8:32 KJV)*** Kung binigyan tayo ng Dios ng walang hanggang buhay sa pamamagitan ni JesuCristo, kung gayon ibibigay Niya rin sa atin ang mga maliliit na bagay.

***"26 Masdan ninyo ang mga ibon sa langit, na hindi sila nangaghahasik, ni nagsisigapas, ni nangagtitipon man sa mga bangan; at sila'y pinakakain ng inyong Ama sa kalangitan. Hindi baga lalong higit ang halaga ninyo kay sa kanila?" (Mateo 6:26 KJV)*** Tingnan at matuto mula sa halimbawa ng mga ibon. Ginamit dito ni Jesus ang halimbawa ng mga ibon upang hamunin sila at hamunin tayo ngayon na magkaroon ng tamang pananampalataya sa Dios. Ginamit ni Jesus ang halimbawa ng pagkain dahil mahalaga na panatilhin at pahabaain ang buhay, sapagkat kung walang pagkain o inumin ang tao ay mamatay. Binanggit dito ang mga ibon, ngunit sa ***Lucas 12,*** binanggit ni Jesus ang mga uwak na mga matataw na kumakain ngunit ang Dios ang nagbibigay ng pagkain para sa kanila, ***"24 Wariin ninyo ang mga uwak, na hindi sila nangaghahasik, ni nagsisigapas man; na walang bangan ni kamalig man; at sila'y pinakakain ng Dios: gaano ang kahigtan ng kahalagahan ninyo kay sa mga ibon!." (Lucas 12:24 KJV)*** Nang sinabi ni Jesus na sila'y hindi naghahasik at hindi nag aani at walang bangan na kamalig hindi ibig sabihin hindi dapat tayong magtrabaho at magpagal at magbadyet, maglaan at mag ipon, kundi upang sabihin sa kanila, at sabihin sa atin na kailangan nating manampalataya sa Dios at manampalataya sa Kanyang Salita at sundin Siya, at ibigin Siya at sundin Siya dahil Siya ang magbibigay at maglalaan sa atin. Sa ***Awit 145*** ipinahayag na ang lahat ng mga nilikha ay pinakain ng Dios, ***"15 Ang mga mata ng lahat ay nangaghihintay sa iyo; at iyong ibinigay sa kanila ang kanilang pagkain sa ukol na panahon. 16 Iyong binubuksan ang iyong kamay, at sinasapatan mo ang nasa ng bawa't bagay na may buhay." (Awit 145:15-16 KJV)*** Bukod doon, kung ang Dios ang nagbibigay sa mga ibon na hindi ginagawa ang mga ito gaano pa kaya ang Kanyang ilalaan para sa atin kapag ginagawa natin ang mga tamang bagay na ito, upang maghasik, mag ani at mag imbak ng mga kayamanan sa Langit.

***"27 At alin sa inyo ang sa pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kaniyang buhay?" (Mateo 5:27 KJV)*** Ang ibig Niyang sabihin sa pagkabalisa ay hindi tungkol sa pag iisip sa tamang paraan upang gumawa ng tamang mga kilos upang mabuhay para sa Dios, kundi tungkol sa pag iisip sa maling paraan at pagiging balisa ay aakay sa iyo na gumawa ng mga maling pasya at gumawa ng maling pagkilos at maling hakbang sa buhay na sa huli ay magdudulot ng mga problema sa iyong buhay. Ano ang ibig Niyang sabihin sa pamamagitan ng ***"ay makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kanyang buhay"***, ay upang idagdag ang haba sa kanyang buhay na imposible sa tao na gawin, at sa ***Lucas 12*** mababasa rin natin ang sinabi ni Jesus na ang pagdagdag ng isang siko, na kung saan 45 sentemetro, sa ating buhay ay higit na imposibleng mga bagay na gawin, ***"25 At sino sa inyo ang sa pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kaniyang buhay? 26 Kung hindi nga ninyo magawa kahit ang lalong maliit, bakit nangababalisa kayo tungkol sa mga ibang bagay?" (Lucas 12:25-26 KJV)*** Kung gayon kung hindi natin magawa ang maliliit na mga bagay, kung gayon bakit kailangan nating mangabalisa, mabahala, mag isip ng mali at maling mga hakbang at maling gawa na tiyak lampas sa ating mga kakayahan?

***"28 At tungkol sa pananamit, bakit kayo nangababalisa? Wariin ninyo ang mga lirio sa parang, kung paanong nagsisilaki; hindi nangagpapagal, ni nangagsusulid man:" (Mateo 6:28 KJV)*** Dito ginamit ni Jesus ang halimbawa ng damit at hinamon sila at hinahamon tayo ngayon kung bakit kailangan nating mabalisa at mag isip ng ikakabalisang saloobin tungkol sa kung anong ating isusuot. Sa panahon ni Jesus ang mga damit ay napakamahal na bagay upang ilaan. Maging sa hanggang sa ngayon, ang damit na may lahat ng mga bagay tulad ng sapatos ay mahal na bagay. Ginamit ni Jesus ang halimbawa ng mga lirio sa bukid, kung paanong sila'y lumago at sila ay lumalaki sa laki, at hindi sila nagtatrabaho at kumikita gaya ng tao, at hindi sila yumayaon at kumukuha ng lana tulad ng ginagawa ng tao, at hindi sila umiikot at walang kasanayan na gumawa ng pag ikot sa lahat tulad ng magagawa ng tao, ngunit ang mga ito ay napakahusay na binihisan ng Dios.

***"29 Gayon ma'y sinasabi ko sa inyo, na kahit si Salomon man sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nakapaggayak na gaya ng isa sa mga ito." (Mateo 6:29 KJV)*** Hindi ang pangkaraniwang mga namumuno o hari, kundi si Haring Salomon na napakayamang Hari ng Israel at ang kanyang mga kayamanan ay humigit sa ibang mga hari ng sanglibutan ay hindi kayang gawin, hindi sa kanyang pangkaraniwang mga araw, kundi sa lahat ng kanyang niluluwalhating mga araw, at hindi kayang magdamit at makagayak katulad ng isa sa mga bulalak at lirio na nakikita ng mga tao sa bundok. Sila'y lumalago sa kanilang sarili at sila ay may pinakamagandang damit at pinalimutihan ng Dios.

***"30 Nguni't kung pinararamtan ng Dios ng ganito ang damo sa parang, na ngayon ay buhay, at sa kinabukasa'y iginagatong sa kalan, hindi baga lalonglalo na kayong pararamtan niya, Oh kayong mga kakaunti ang pananampalataya?"(Mateo 6:30 KJV)*** Sinasabi ni Jesus sa kanila at sinasabi sa atin ngayon kung dinaramtan ng Dios ang mga damo sa parang, ang mga lirio at ang lahat ng mga bulaklak, orchids at halamang gamot na yumayabong sa pamamagitan ng kanilang sarili at ngayon nakikita mo ang mga ito, ngunit bukas

sila'y igagatong at mawawala upang ihanda ang parang para sa pagtatanim, hindi ba't tayo rin ay dinamitan ng Dios at poprotektahan at pangalagaan tayo, tayo na tinawag upang sambahin ang Dios at paglingkuran Siya, tayo na tinawag upang maging mga anak ng Dios at liwanag sa iba, hindi Niya ba tayo pagmamalasakitan at ibibigay ang para sa atin sa takdang panahon at ayon sa Kanyang kaluwalhatian kayamanan kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

***"Oh kayong mga kakaunti ang pananampalataya?"*** Hinarap ni Jesus sila at hinaharap tayo ngayon sa kakaunting pananampalataya kapag wala tayong tiwala sa Dios, na bilang ginagawa natin ang tama kung gayon makikita at matatanggap ang mga biyaya ng Dios at ang pag aalaga at ang proteksyon ng Dios. Ilagay sa iyong isipan ang sumusunod: Ang maling mga kaisipan at maling gawain at kilos ay magmumula rin sa maliit na pananampalataya.

Ginamit ni Jesus ang halimbawa ng mga ibon, ang damo at ang mga lirio sa parang dahil ipinapangaral niya sa bundok at maari niyang ituro sa mga taong nakapalibot sa Kanya ang mga halimbawa mula sa mga bagay na nakikita ng mga tao sa kanilang mga mata araw-araw.

***"31 Kaya huwag kayong mangabalisa, na mangagsabi, Ano ang aming kakanin? o, Ano ang aming iinumin? o, Ano ang aming daramtin?" (Mateo 6:31 KJV)*** * Huwag mag isip ng mali at huwag gumawa ng maling pagkilos sa buhay kapag hinamon ka ng mga pagsubok at sitwasyon sa buhay. Mabuti na ikaw ay may trabaho at ang tamang pagbubudget upang ilaan sa iyong sarili at sa iyong pamilya, at lasapin ang probisyon ng Dios, upang ibigay ang nararapat sa Dios, upang tulungan ang iba at mag ipon. * Ngunit huwag matukso sa mga hamon ng buhay at gumawa ng maling mga pagkilos na babagabag sa iyong buhay at ang mabuting plano na mayroon ang Dios sa iyo. Batid ng Dios ang iyong kailangan ng mga pagkain, inumin, damit at ibang mahahalangang bagay at ang Dios ang magbibigay sa iyo habang ipinapaloob mo sa buhay at ginagawa ang tamang bagay ayon sa Kanyang itinakda.

***"32 Sapagka't ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang pinaghahanap ng mga Gentil; yamang talastas ng inyong Ama sa kalangitan na kinakailangan ninyo ang lahat ng mga bagay na ito." (Mateo 6:33 KJV)*** Hinahamon sila ni Jesus at hinahamon tayo ngayon na huwag gumaya sa mga hindi mananampalataya ang mga Gentil at ang ibang mga bansa na may maling pananampalataya at maling saloobin na hindi kilala ang Dios, ni ang Kanyang mga landas ni ang Kanyang Salita, ni naranasan ang Kanyang pagibig, ni ang Kanyang probisyon, at hindi nakakaalam tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Kaya sila'y sakim sa pagibig sa salapi at pagibig sa kasalukyang mundo dahil hindi nila batid ang tungkol sa bagong sanglibutan na darating, kaya makikita mo silang sakim, abala sa pag iipon ng marami at sa pagkabalisang kaisipan upang mabuhay nang mas maayos sa lupa dahil hindi kilala ang tungkol sa Dios na may malasakit sa kanila at sa buhay na walang hanggan, ang lugar na inihanda Niya para sa mga umiibig sa Kanya.

***"yamang talastas ng inyong Ama sa kalangitan na kinakailangan ninyo ang lahat ng mga bagay na ito."*** Muli ibinalik sila ni Jesus sa Dios Ama. Si Jesus ngayon ay ibinabalik tayo sa Dios Ama, na nakakabatid kung ano talaga ang kailangan natin at ibibigay Niya ang lahat ng ating pangangailangan habang sumusulong tayo na gawin ang buong kalooban ng Dios. Batid ng Dios ang lahat ng ating pangangailangan at Siya ang Manlilikha at kaya Niyang magbigay sa atin at sa ating pamilya, sa ating mga anak at sa ating mga simbahan at ministerio, kahit sa kalagitnaan ng mga pasakit at pagsubok gaya ng pagtalima natin sa Kanya, gaya ng batid natin nang mabuti ang kailangan natin. Kaya sila at tayo ay hindi dapat lumayo sa Dios upang makuha natin ang ating mga pangangailangan sa Kanya. Samakatuwid, kailangan nating patuloy na makasama ang Dios upang matanggap natin mula sa Kanya ang lahat ng kailangan natin.

***"33 Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo." (Mateo 6:33 KJV) **** Upang makuha ang lahat ng ating pangangailangan kailangan nating hanapin muna ang Kaharain ng Dios kailangan nating ilagay una ang Dios sa lahat ng bagay sa ating buhay, kailangan nating hanapin si Cristo, ang Hari ng Kaharian, at upang hanapin ang Kanyang Salita at ang Kanyang mga tagubilin at ang Kanyang mga landas, at ang Kanyang katuwiran, upan magsisi sa ating mga kasalanan, upang mamuhay kay Cristo, ang katuwiran ng Dios at ng hindi ng tao, at kung gayon ang lahat ng mga bagay na ito ay idaragdag sa ating pangangailangan mula sa pagkain, mga inumin, damit at iba pang mahahalagang bagay at kinakailangan ay idaragdag sa atin. * Habang hinahanap mo ang Dios, kung gayon sa Kanyang panahon idaragdag Niya sa iyo ang lahat ng mga pangangailangan na kailangan mo at idaragdag pa sa iyo ang mga tanda ng Kanyang kabutihan at ng Kanyang kasaganaan.

***"34 Kaya't huwag ninyong ikabalisa ang sa araw ng bukas: sapagka't ang araw ng bukas ay mababalisa sa kaniyang sarili. Sukat na sa kaarawan ang kaniyang kasamaan."(Mateo 6:34)*** Ang ibig sabihin ni Jesus ay huwag mag isip ng mali at huwag gumawa ng maling pasya o magyabang tungkol sa bukas, at tungkol sa mga darating. Anim na beses na ang salitang ***"mababalisa"*** ay inulit dito sa talatang ito at ang ibig sabihin ni Jesus ay huwag mag isip ng mali na magtutulak sa iyo na gumawa ng maling pagkilos. Huwag mabalisa tungkol sa araw ng bukas dahil wala ito sa iyong kamay upang pigilan iyon. Gawin mo ang tama sa ngayon ayon sa itinuon

ng Dios, ng Kanyang Salita at ng Kanyang Banal na Espiritu na gawin mo ngayon, at huwag kumilos dahil lamang sa walang katiyakang saloobin nang mangyayari bukas dahil ang bukas ay wala sa iyong kamay at hindi mo mahuhulaan ito.

Mula sa aking karanasan ginagawa ko lamang ang idinikdikta ng Salita ng Dios at ng kanyang Espiritu sa akin na gawin ko, at hindi dahil sa aking saloobin tungkol bukas. Nang sinunod ko nalaman ko na pagdating ng bukas ay panatag na ako dahil sumunod ako sa Dios at hindi dahil sa naisip ko. Kaya maaaring may mga balisa kang iniisip sa maghapon na nakakagambala sa iyong isipan, ngunit hindi mo kailangang sundin ang mga ito o gawin ang mga ito, ngunit kailangan mong sundin kung ano ang sinasabi ng Dios sa iyo na gawin pagkatapos ay makikita mo ang iyong sarili na handa kapag dumating na ang bukas.

***"Kaya't huwag ninyong ikabalisa ang sa araw ng bukas:"*** Ay ibig din sabihin na huwag ipaghambog ang bukas, dahil kapag ipinahambog mo ang bukas, sinasabi mo na maari mong pigilin ang bukas o ang bukas ay nasa iyong kamay ngunit iyon ay pagmamalaki at iyon ay masama sa paningin ng Dios dahil ang bukas ay nasa kamay ng Dios at wala sa kamay ng tao gaya ng mababasa natin dito sa Banal na Kasulatan, ***"1 Huwag mong ipaghambog ang kinabukasan; Sapagka't hindi mo nalalaman kung ano ang ilalabas ng ibang araw." (Kawikaan 27:1 KJV)***

***"13 Magsiparito ngayon, kayong nagsisipagsabi, Ngayon o bukas ay magsisiparoon kami sa gayong bayan, at titira kami doong isang taon, at mangangalakal, at magtutubo: 14 Kayo ngang hindi nakaaalam ng mangyayari bukas. Ano ang inyong buhay? Kayo nga'y isang singaw na sa sangdaling panahon ay lumilitaw, at pagdaka'y napapawi. 15 Sapagka't ang dapat ninyong sabihin ay, Kung loloobin ng Panginoon ay mangabubuhay kami, at gagawin namin ito o yaon. 16 Datapuwa't ngayon ay nagmamapuri kayo sa inyong mga pagpapalalo: ang lahat ng ganitong pagmamapuri ay masama." (Santiago 4:13-16 KJV)*** Marami sila'y nagpaplano para bukas, na umalis, na maglakbay, na bumili, na magbenta at magnegosyo at iyon ay paghahambog at gayundin dahil ang bukas ay wala sa kanilang mga kamay ngunit nasa kamay ng Dios.

***"sapagka't ang araw ng bukas ay mababalisa sa kaniyang sarili.*** Ang pangyayari ng bukas ay nasa pagtitimpi ng Dios at wala sa ilalim natin, kaya upang ilagay ang bukas sa ilalim ng pagtitimpi kailangan nating sundin ang Dios nang tiyak ngayon sa gayo'y kapag ang bukas ay dumating makikita mo ang iyong sarili na maayos na inilaan. Maaaring may mga iniisip ka at natutukso ka na gawin ang ilang mga bagay ngunit lumalaban ka at hindi mo ginagawa ito, na magagawa mo lamang ang sinasabi sa iyo ng Dios sa panahon ng pagsubok sa araw upang kapag dumating ang bukas ay nasa ilalim ng iyong pagtitimpi. Haleluya at iyan ang tagumpay na mayroon tayo kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

***Sa aking mahal at minamahal: "Sukat na sa kaarawan ang kaniyang kasamaan."*** Maging maingat ngayon na sundin ang Dios at gawin ang eksakto ng Kanyang kalooban upang mapagtagumpayan mo ang mga pagsubok at ilagay ang bukas sa ilalim ng pagtitimpi gaya ng mababasa natin sa Santiago, ***"17 Sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya." (Santiago 4:17 KJV)*** Kapag nagkasala tayo sa hindi paggawa ng mabuti sa ating mga atas bukas ay wala na sa ating pagtitimpi, ngunit kapag sumunod tayo sa Dios, bukas ay nasa ilalim na natin.

Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon, ipangako natin ang ating sarili upang unahin ang Dios, at ipangako natin ang ating sarili na susunod sa Dios at susundin ang Kanyang Salita sa gayo'y makatiyak tayo bukas.

Tayo ay manalangin,

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong aral na tumulong sa akin at iniligtas ako mula sa mga nakakabalisang kaisipan, pag aalala at hindi kinakailangang pagkilos.*

*Atin ngayong ipahayag at talikdan ang lahat ng ating mga kasalanan. Talikdan ang lahat ng iyong mga pag aalala, kawalan ng pananampalataya at kawalan ng buong pagtitiwala sa Dios. Talikdan ang lahat ng hindi kinakailangang pagkilos na nagmumula sa mga alalahanin tungkol sa bukas at talikuran ang iyong pagmamalaki at iyong pagpapakitang gilas. Iwaksi ang iyong kasakiman, ang pagmamahal sa pera, ang iyong kamunduhan at ang iyong pagmamahal sa materyal na mga bagay. Iwaksi ang paggawa ng iyong sariling mga plano at proyekto at tanggihan ang paggawa ng kalooban ng Dios. Iwaksi ang iyong pag iisip ng mga bagay sa ibaba at hindi mga bagay sa Langit. Iwaksi ang kawalan mo ng pagbabasa at pagninilay ng Salita ng Dios na nakapagpahina ng iyong pananampalataya. Iwaksi ang iyong panonood ng TV, mga Balita, at ang Media, at paglalaro ng mga laro na nag-ambag nang masama sa iyong pananampalataya sa Dios. Panginoon tinatanggihan ko ang mga sumusunod na mga kasalanan ___________________________. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na pigilin mula sa sumusunod na maling pagkabalisa ________________________________________.*

*Panginoon Ako'y nagtitiwala na kaya mo akong ilabas mula sa mga pagsubok na ito ng buhay ________________________________________.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalake at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay na sundin ang iyong Salita at ipamuhay ang mga ito sa kanilang buhay. Panginoon panatilihin sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan, dagdagan ang kanilang pananampalataya, alisin ang lahat ng kanilang mga pag aalala at gumawa ng mga himala sa kanila at dalhin sila nang matagumpay sa daan na kanilang dinadaanan. Panginoon protektahan mo sila mula sa masama at harapin ang kanilang mga kaaway at tulungan silang patuloy na mamuhay para sa iyo at patuloy na maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan bilang ipinangako namin ang aming sarili ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban. Panginoon akayin kami na gawin ang iyong kalooban at ng iyong layunin sa amin buhay, nagtitiwalang bukas ay nasa iyong kamay bilang ipinangako namin ang aming sarili na sundin ka sa mismong araw na ito. Panginoon ilabas kami mula sa mga pagsubok at buksan sa amin ang bagong mga pintuan upang paglingkuran ka. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio at abutin ang bagong mga tao, at gumawa ng mga alagad at magsanay ng maraming manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Espiritu Santo, ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 91. Paano mabuhay upang mapanatili ang bukas sa ilalim ng pagtitimpi. Mateo 6:24-34. Roma 8:32. Lucas 12:24. Awit 145:15-16. Lucas 12:25-26. Kawikaan 27:1. Santiago 4:14-17.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com